PAUNAWA TUNGKOL SA PAGSALI SA
PROGRAMANG *ENGLISH FOR SPEAKERS OF OTHER LANGUAGES (ESOL)*
O INGLES PARA SA MGA NAGSASALITA NG IBANG LENGUWAHE

Petsa: _____		☐ Bagong Sali	☐ Nagpapatuloy
Apelyido	Pangalan	Gitnang Inisyal	ID ng Mag-aaral
Paaralan			Baitang

Mahal na Magulang/Tagapatnubay:

Ikinagagalak naming ipaalam sa inyo na ang inyong anak ay karapat-dapat tumanggap ng pagtuturo sa aming programang ESOL para sa taong pampaaralan na **_____.** Kinikilala ang mga estudyante bilang mag-aaral na nangangailangan ng mga serbisyo batay sa inyong kasagutan sa Home Language Survey (Pagsisiyasat Tungkol sa Wikang Ginagamit sa Bahay) ng Maryland, at pagsusulit sa kasanayan sa Ingles.

Pangkalahatang Antas ng Kasanayan sa Ingles

Nagsisimula A1	**Tumutuklas A2**	**Lumalahok A3**	**Pumapasok 1**	**Umuusbong 2**	**Humuhusay 3**	**Lumalawak 4**

Ang pamamaraan ng pagtuturong ginagamit sa programang ESOL ng inyong anak ay magiging sa kung ano ang ipapahiwatig sa ibaba:

- ☐ **EL Bilingual:** Makakamit ng mga estudyante ang kasanayan sa parehong kanilang sariling wika at Ingles na may ilang pagtuturo sa sariling wika ng estudyante.
- ☐ **Mixed Bilingual (Magkahalong Dalawang Wika):** Ibinibigay ang patas na pagtuon sa Ingles at isang kasosyong wika, kabilang ang tagubilin ng nilalaman sa kasosyong wika sa klase ng mga EL (Aaral ng Ingles) at hindi-EL.
- ☐ **EL-specific Transitional Instruction (Pagtuturo sa Pagbabago Partikular sa EL):** Ginagamit ang sariling wika ng estudyante para suportahan ang pagkuha ng kasanayan sa Ingles ngunit ang kasanayan sa sariling wika ng estudyante ay hindi isang layunin na programa sa klase ng EL lamang.
- ☐ **Mixed Classes with Native Langguage Support (Magkakahalong Klase na may Suporta sa Sariling Wika):** Ginagamit ang sariling wika ng estudyante para suportahan ang pagkuha ng kasanayan sa Ingles, ngunit ang karamihan sa pagtuturo ay ibinibigay sa Ingles sa klase ng mga EL at hindi-EL.
- ☐ **EL-specific English-only Instruction (Pagtuturong Ingles-lamang partikular sa EL):** Ang mga kasanayan sa wikang Ingles at nilalaman ay ang tuon ng pagtuturo sa klase ng EL lamang.
- ☐ **Mixed Classes with English-only Support (Magkakahalong Klase na may Suporta sa Ingles-lamang):** Ang mga kasanayan at nilalaman ng Ingles ang nakatuon sa pagtututro sa klase ng mga EL at hindi-EL.

Paglalarawan ng mga Opsyon sa Pagsali sa Programa at mga Layunin para sa English Learners (Els) [mga Natututong Magsalita ng Ingles].

Ang lahat ng pamamaraan ng pagtuturo na tinutukoy sa programang ESOL ay sa pagpaaunlad ng wikang Ingles na tumutugon sa pangangailangan base sa antas at kasanayan sa wikang Ingles ng bawat mag-aaral. Ang mga estratehiyang ginagamit sa pagtuturo sa programa ay upanf maabot ang kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa at pagsulat ng wikang Ingles pati na rin sa Pagbasa (Reading), Matematika (Mathematics), Siyensya (Science), at Araling Panlipunan (Social Studies).Inaasahan ang mga English Learners (EL) ay makatugon sa mga naangkop na pamantayan sa kanilang klase, magkaroon ng sapat na kakayahan upang pumasa sa kasalakuyang baiting at makapagtapos ng Sekondarya.

Mga Karapatan ng mga Magulang
May karapatan kayong tanggihan ang mga palingkuran ng ESOL sa anumang oras sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa guro ng ESOL o sa paaralan ng inyong anak. Dapat makumpleto ang prosesong ito taun-taon.

Mga EL na May Mga Natatanging Pangangailangan
Itataguyod ng programang ESOL ang pagtugon sa mga layunin kaugnay sa pagtuturo na bahagi ng individualized education plan (pang-indibidwal na planong pang-edukasyon) o IEP.

Mangyaring ipahiwatig sa ibaba ang inyong desisyon kung saan malalagay ang inyong anak:

□ **Oo,** gusto kong lumahok ang aking anak sa programang ESOL para sa taong pampaaralan na _____.
Naiintindihan kong taun-taong susuriin ang aking anak sa pangalalawang semestre sa pamamagitan ng pagsusuri ng pagkadalubhasa sa wikang Ingles para mapag-alaman ang kanyang pag-unlad sa wikang Ingles.

□ **Hindi.** Hindi ko gustong lumahok ang aking anak sa programang ESOL para sa taong pampaaralan na _____.
Naiintindihan kong taun-taong susuriin ang aking anak sa pagtatasa sa kasanayan sa wikang Ingles para masukat ang progreso sa pag-aaral at naaabot sa Ingles kahit na tinanggihan ko ang mga serbisyo ng ESOL para sa aking anak. Mananatiling nag-aaral ng Ingles ang aking anak hanggang sa matugunan ang pamantayan sa pagtatapos ng estado. Pakitandaan na dala ng pagpapahintulot ninyong ito, maaaring maging karapat-dapat kayo at ang inyong anak na tumanggap ng mga karagdagang palingkuran sa ilalim ng Title III tulad ng pantulong na pagtuturo pagkatapos ng iskuwela at mga masinsinang programa ng Ingles sa tag-init, mga programang tumutulong sa mga magulang, at mga serbisyo ng isang tagasalin ng wika para sa mga pagpapanayam ng magulang at guro.

Kriterya sa programang ESOL
Ang mga English Learners (EL) na napatunayang nakatugon sa pamantayan sa taunang pagsusuri para sa pagkadalubhasa sa wikang Ingles ay hindi na kinakailangang sumali sa programang ESOL.

Lubos na gumagalang,

_____

Pangalan Titulo Numero ng Telepono

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa ng pagtuturo o para humingi ng tulong sa pagpili ng isang programa, makipag-ugnayan kay:

_____

Pangalan Titulo Numero ng Telepono

Mangyaring tiyakin na inyong ipahihiwatig ang inyong desisyon hinggil sa pagsali ng inyong anak sa ESOL sa itaas at pirmahan ang inyong pangalan sa ibaba para kumpirmahin.

_____

Pirma ng Magulang/Tagapatnubay Petsa

Ibalik ang dokumentong ito kay:

_____

Pangalan Titulo Petsa